# Maria, Maligayang Pasko

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Sis. Techie Rodriguez, Elder-Founder
Disyembre 25, 2021

Para sa marami, ang panahon ng pagbibigay ay laging may hinihintay na kapalit - magbigay at umasa na may matatanggap din. Gayunpaman, ang regalo ng Diyos ay libre Niyang ibinigay at walang hinihintay na kapalit - binigay Niya ang Kanyang bugtong na anak para tayo'y tubusin (Lk.2:7). Bagamat malungkot, may mga taong nagsusumikap tanggalin ang impluwensya ng Diyos sa ganitong panahon ("Maligayang Pasko ay pinapalitan ng "Masayang Bakasyon"). Kaya dapat nating maibalik ang mabuting balita – WALANG PASKO kung WALA SI KRISTO. Kailangan nating makamtan muli ang kahiwagahan at mamangha sa sanggol na dumating sa mundo, ang tunay na regalo para sa ating lahat.

**1. Sino-sino ang mga pangunahing tauhan habang pinapanganak si Hesus?**

**1.1. Inang Maria** ay dinalaw ni Anghel Gabriel at lubos siyang pinagpala, "ang Diyos ay sumaiyo"(Lk.1:26-28). Si Maria ay nabahala dahil malaki ang mababago sa kanyang mundo. Ngunit sinabi ng anghel na "huwag kang matakot." Katulad ngayon, marami sa atin ang may pusong naguguluhan at nahihirapang maniwala na tayo ay lubos na pinagpala, "Pinili kita"(Juan 15:16). Tandaan natin, tangan tayo ng Diyos; ligtas ang ating kinabukasan (Efeso 1:3).

**1.2. San Jose** ang patron ng mga asawang lalake. Nang magising siya, sinunod niya ang sinabi ng anghel, at itinuring si Hesus na kanyang tunay na anak (Mt.1:22-23). Hindi niya inalintana ang mga negatibong sinasabi sa kanya. Pinakita niyang hindi siya makasarili at naging masunurin.

**1.3. Ang mga Pastol** ang mga unang bisita ng Diyos - marumi, mabaho at hindi kaaya-ayang bumisita sa Anak ng Diyos. Ang mga pastol ay kumakatwan sa ating lahat. Ang kasalanan ang naghihiwalay sa atin sa Diyos. Ang pagdating ni Kristo ay isang paanyaya upang bumalik sa tahanan (Lk.2:10-14).

**2. Bakit si Inang Maria ay M.E.R.R.Y?**

**2.1.1. Maria -** kinilala niya ang kadakilaan ng Diyos. Namangha siya ngunit siya'y sumunod."…maganap sa akin ang iyong sinabi" (Lk.1:38). Ang pabor mula sa Diyos ay regalong mahirap tanggapin. Nangangailangan ng tapang, lakas at malalim na pananalig para maisagawa ang kalooban ng Diyos.

**2.1.2.** ***Expect*** **- UMASA** sa mga gantimpala at mga himala. Hingin natin sa Diyos na bigyan tayo ng grasya na gamitin Niya tayo. Kapag nakita ng Diyos ang ating pagkukulang, pupunan Niya ito. Bibigyan tayo ng pagsubok hanggang matutong sumunod.

**2.1.3.** ***Recognize*****-TANGGAPIN/KILALANIN** ang kadakilaan ng Diyos. Gumalaw sa tuwa ang sanggol sa sinapupunan ni Elizabeth at siya ay napuspos ng Banal na Espiritu (Lk.1:41-45). Kapag tayo ay hinirang, mararanasan din ito ng mga taong malalapit sa atin.

**2.1.4.** ***Rejoice*** **- MAGALAK.** Ang puso ni Maria ay nagalak sa Diyos - "ang puso koy nagpupuri sa Panginoon at nagagalak ang aking espiritu" (LK.1:46). Kapag tayo ay may pagsubok, magalak. Purihin at ipagbunyi ang Kanyang kabutihan.

**2.1.5.** ***Magnify*****. IPAGBUNYI.** Mula sa salitang "*magaluno"* - gawing mas malaki, magbunyi sa salita. Ang pag-awit ni Maria ay nagbigay puri sa Diyos - makapangyarihan at banal (Awit 32:11).

**Konklusyon:** Ngayong panahon ng adbiyento, alalahanin ang sanggol na dumating at magalak na maghintay sa muli Niyang pagbabalik. Sa Kanyang kaarawan, ilagay natin ang ating mga sarili sa ilalim ng puno. Manalangin tayo ng pagkakasundo, limutin ang nakaraan, magpatawad at manalig sa magandang bukas. Pinagpala tayo ng Diyos, at tanggapin ang Kanyang kagustuhan. Nawa maging kagaya tayo ni

- Maria -"maganap sa akin ang iyong sinabi."
- Jose – hindi inisip ang sarili at masunurin.
- Elizabeth na puno ang puso ng kagalakan.
- Mga pastol na lumabas at maghanap ng di karapat-dapat.

**Pagninilay:**

1. Ngayong adbiyento, anong regalo ang gusto mong ialay kay Hesus?
2. Paano ka magsaliksik ng mga nagkamali upang madala mo sa Diyos?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/
Tags:#Pasko, #Magalak